

KAILANGAN NG TULONG SA UPA?

Ang Long Beach Emergency Rental Assistance Program (LB-ERAP) ay makakatulong sa mga nangungupahan na kwalipikado batay sa kita na mabayaran ang kanilang upa at mga utility, kapwa para sa mga nakaraang takdang bayarin at mga pagbabayad sa hinaharap. Uunahin ng programa ang pagtulong sa mga nangungupahan na may mas mababang kita na 90 araw o higit pa na walang trabaho at nanganganib ng kawalang katatagan (housing instability) sa pabahay.

Kwalipikado ba ako?

Kung nasasapatan ng isa o higit pang mga indibidwal ng iyong sambahayan ang lahat ng mga sumusunod na pamantayan sa programa, karapat-dapat kang mag-aplay:

Kwalipikasyon ng Kita

May kita ng sambahayan na o mas mababa sa 80% ng area median income (AMI).

Uunahin ng programa ang mga sambahayan na may kita na mas mababa sa 50% of AMI.

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
50% AMI Limit	\$39,450	\$45,050	\$50,700	\$56,300	\$60,850	\$65,350	\$69,850	\$74,350
80% AMI Limit	\$63,100	\$72,100	\$81,100	\$90,100	\$97,350	\$104,550	\$111,750	\$118,950

Pinansyal na Epekto ng COVID

Naging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o nakaranas ng pagbawas sa kita ng sambahayan, naganap na makabuluhang gastos, o nakaranas ng iba pang paghihirap sa pananalapi na dapat, direkta o hindi direkta, dahil sa COVID-19.

Uunahin ng programa ang mga aplikante na walang trabaho sa loob ng 90 araw o higit pa.

Panganib ng Kawalang Katatagan sa Pabahay

Ipakita ang isang panganib na makakaranas ng kawalan ng tirahan o kawalan ng katatagan sa pabahay (housing instability), na maaaring kinabibilangan ng:

- Nakalipas na dapat bayaran sa upa, utility, o abiso sa upa o abiso sa pagpapaalis (eviction notice); o
- Anumang iba pang katibayan ng naturang panganib, na tinukoy ng programa

Ano ang Maaari kong Aplayan?

Magbabayad ang programa ng 80% ng nakaraang takdang upa sa pagitan ng Abril 1, 2020, at Marso 31, 2021. Direktang ibibigay ang bayad sa iyong landlord sa pangalan mo. Ang mga nangungupahan ay maaari ring mag-aplay para sa tulong sa nakaraang bayarin sa natural gas, tubig, at singil sa basura, at mag-aplay ng hanggang sa 25% ng upa hanggang sa 3 buwan ng mga susunod na upa. Kung ikaw ay kwalipikado ngunit pinipili ng iyong landlord na hindi lumahok sa LB-ERAP, maaari kang mag-apply nang mag-isa. Bibigyan ka ng LB ERAP ng 25% ng hindi nabayarang upa sa pagitan ng Abril 1, 2020, at Marso 31, 2021.

Paano Ako Mag-aplay?

Ang mga aplikasyon ay makukuha online sa sumusunod na website: longbeach.gov/rentalassistance

Maaari mo ring tawagan ang Linya ng Telepono ng LB-ERAP Support sa **(833) 358-5372** para sa tulong sa pag-aplay at maidirekta sa isang Long Beach nonprofit na organisasyon na makakatulong sa iyo na punan ang aplikasyon at gabayan ka sa proseso ng pagsumite ng aplikasyon.